Mga umiiral at planadong hakbang
sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Ang Lupon ng Muling Pagsasanay ng mga Empleyado

Mga Kaugnay na Serbisyo

- Ang Lupon ng Muling Pagsasanay ng mga Empleyado (ERB) ay nagbibigay ng iba't ibang kurso ng pagsasanay at mga serbisyo para mapahusay ang mga kasanayan, kalidad, pagkakataon sa trabaho at pagiging mapagkompitensya ng mga manggagawa na may nakamit na pang-edukasyon sa sub-degree na antas o mas mababa, anuman ang kanilang lahi o etnikong pinagmulan. Inaalok ang kurso para sa full-time na nauugnay sa pagkakalagay at part-time na pagpapasulong sa mga kasanayan at karaniwang mga kasanayan, na may layuning tumulong na magkatrabaho ang mga walang trabaho at magbigay-daan sa mga manggagawa na mag-update at pasulungin ang kanilang mga kasanayan.

Mga Umiiral na Hakbang

<u>Pagkakaloob ng naaangkop na mga kurso para sa mga tao na may makakaibang lahi</u>

- Ang ERB ay nag-aalok ng mga kursong nakabatay sa nilalayong larangan ng pagtatrabaho at mga kursong konektado sa pag-empleo at mga karaniwang kasanayan na isinasagawa sa Ingles at nakalaan para sa mga etnikong minorya.

- Itinatag ng ERB ang "Grupo para sa Pagsusuri ng mga Kurso sa Wika" upang masuri nang mabuti ang mga kurso nito ng pagsasanay sa wika, na may pananaw na tulungan ang mga tao mula sa iba't ibang lahi na malampasan ang mga hadlang sa komunikasyon at pataasin ang pagkakataon nilang magkatrabaho sa pamamagitan ng pagpapayaman sa pagiging praktikal at artikulasyon ng mga kurso sa wika, at para sa pagbuo ng landas ng pagsulong para sa kanila. Patuloy na patitibayin ng ERB ang suporta nito sa wikang Chinese para sa mga taong iba ang lahi at magtatakda ng nakabalangkas na plano ng pagsasanay sa wikang Chinese upang mapahusay ang kanilang kaalaman sa Chinese para sa mga layunin ng

pagsama sa lipunan at pagtatrabaho.

- Nag-aalok ang ERB ng mga nakalaang kurso ng pagsasanay na nakatuon sa mga hindi aktibong kabataan ng mga etnikong minorya na may edad na 15 hanggang 24 sa ilalim ng Programang Pagsasanay sa Kabataan.

- Binuo ng ERB ang "Grupong Nakapokus sa Pangangailangan sa Pagsasanay ng mga Etnikong Minorya" upang matukoy ang mga pangangailangan sa pagsasanay at pagtatrabaho ng mga tao na may magkakaibang lahi, at upang magpayo ng mga estratehiya sa pagsusulong ng mga kurso at serbisyo ng ERB sa mga taong may magkakaibang lahi. Ang grupong nakapokus ay binubuo ng mga grupo ng etnikong minorya, mga organisasyon sa mga panlipunang serbisyo, mga training body (TB), mga employer at mga kaugnay na kinatawan ng gobyerno. Ang ERB ay patuloy na bubuo ng mga kurso para sa mga tao na may magkakaibang lahi habang sumasangguni sa payo ng grupong nakapokus.

- Nakapagbibigay ang ERB ng higit na kakayahang umangkop sa pamantayan ng antas ng edukasyon para sa pagpapatala sa mga nakalaang kurso para sa mga etnikong minorya.

<u>Mga espesyal na hakbang at mga pangsuportang serbisyo</u>

- Hinihiling ng ERB sa mga TB na magsaayos ng mga kawani na nagsasalita ng Ingles upang magbigay ng mga serbisyo sa mga tao na may magkakaibang lahi at hinihikayat nito ang mga TB na gamitin ang mga serbisyong pagsasalin at interpretasyon na ibinibigay ng mga organisasyong hindi-panggobyerno kapag nag-aalok ng mga serbisyo ng ERB. Nagsasaayos ng mga serbisyong interpretasyon sa klase sa pamamagitan ng mga teaching assistant na may kakayahang magsalita ng wikang Ingles at mga wika ng etnikong minorya kung kinakailangan.

- Pleksibleng pinangangasiwaan ng ERB ang mga pangangailangan sa laki ng klase para sa mga kurso sa pagsasanay na nakalaan sa mga etnikong minorya.

- Ang mga nagsasanay mula etnikong minorya na nakakumpleto ng mga kursong konektado sa pag-empleo ay binibigyan ng anim na buwang serbisyo sa pag-follow-up ng paglalagay sa trabaho, samantalang ang isang tatlong buwang pag-follow-up ng paglalagay sa trabaho ay karaniwang ibinibigay para sa mga pangkalahatang nagsasanay.

- Ang ERB ay naglalathala ng promosyonal na pulyeto ng mga kurso sa pagsasanay sa Ingles at mga wika ng iba't ibang lahi gayundin ng nakatuong promosyonal na pulyeto sa Ingles para sa pamamahagi sa iba't ibang pangkat ng lahi sa pamamagitan ng magkakaibang mga channel (kabilang ang mga oraganisasyon ng serbisyong panlipunan sa ilalim ng "Mga Iskema ng Ambassador" ng Kagawaran sa Mga Usaping Pantahanan (Home Affairs Department, HAD)). Ang Prospektus ng Kurso ay inihanda sa wikang Ingles, at ang mga patalastas ay nakalagay sa mga pahayagan sa wikang Ingles, Urdu at Nepali.

- Upang higit pang mapahusay ang mga pagsisikap nito sa promosyon, ang ERB ay malapit na nakikipag-ugnayan sa mga Sentro ng Serbisyong Pansuporta para sa mga Etnikong Minorya na pinatatakbo ng mga organisasyong hindi-panggobyerno at pinopondohan ng HAD sa pagpapakalat ng impormasyon ng serbisyo ng ERB sa mga tao na may magkakaibang lahi at paglulunsad ng mga nakatuon na kurso sa pagsasanay sa mga Sentro. Regular na ina-update ng ERB ang impormasyon ng mga kurso at serbisyo ng ERB na itinatampok sa "Iyong Gabay sa Mga Serbisyo sa Hong Kong" na inilathala ng HAD para sa mga etnikong minorya.

- Ang mga nakatuon na serbisyong pansuporta ay inaalok para sa mga tao na iba ang lahi sa Sentro ng Serbisyo ng ERB sa Tin Shui Wai, kabilang ang mga dedikadong workshop at mga aktibidad ng grupo tungkol sa mga kasanayan sa paghahanap ng trabaho, kasanayan sa pag-iinterbyu, bokasyonal na English at Cantonese, atbp. Mula sa pakikipagtulungan sa mga organisasyon ng panlipunang serbisyo, nagtayo ang ERB ng mahigit sa 30 "Lugar ng Serbisyo ng ERB" sa iba't ibang distrito upang magbigay ng mga serbisyo sa mga katanungan at pagpapatala para sa

mga kurso ng ERB, mag-organisa ng mga seminar sa industriya at mga kursong nagbibigay ng oportunidad para matutunan ang iba't ibang paksa, at tumulong sa mga miyembro ng publiko, kabilang ang mga mga tao mula sa iba't ibang lahi, na magparehistro para sa Serbisyo ng Konsultasyon sa Pagsasanay.

- Ang Serbisyo ng Konsultasyon sa Pagsasanay ng ERB ay nagbibigay sa mga tao mula sa iba't ibang lahi ng mga rekomendasyon tungkol sa naaangkop na pagsasanay at tulong para magpatala sa mga kurso ng ERB mula sa pagsusuri ng kanilang mga pangangailangan sa pagsasanay at minimithi sa trabaho sa pamamagitan ng harapang interbyu o video conferencing. Aktibo rin na nakikipag-ugnayan ang mga Tagapayo sa Pagsasanay sa mga samahan sa distrito, mga lugar ng pagtitipon para sa relihiyon at mga organisasyon ng panlipunang serbisyo ng mga tao mula sa iba't ibang lahi na magdaos ng mga seminar at workshop upang maitaguyod ang mga kurso at serbisyo ng ERB.

- Pinopondohan ng ERB ang mga Lupon ng Pagsasanay upang makipagtulungan sa mga organisasyon sa pag-oorganisa ng mga nakapagtataguyod na aktibidad sa distrito at mga aktibidad para maranasan ang kurso upang itaguyod ang mga kurrso ng ERB pati na rin ang mga oportunidad sa trabaho at pagkakataon sa karera sa iba't ibang industriya, kabilang ang mga dedikadong aktibidad na tumutugon para sa mga pangangailangan ng mga tao mula sa iba't ibang lahi. Bukod diyan, hinihikayat ng "Mga Subsidiya ng mga Pansuportang Serbisyo sa Pagsasanay" ang mga Lupon ng Pagsasanay na bumuo ng pantulong na mga materyales sa pagsasanay at magbigay ng mga pansuportang serbisyo sa pag-aaral sa mga tao mula sa iba't ibang lahi.

- Ang mga taong may magkakaibang lahi na hindi pumapasok sa paaralan ay maaaring makatanggap ng subsidyo mula sa HAD upang makapag-aral sa mga tinukoy na kurso sa wika ng ERB, na may layuning hikayatin silang lumahok sa panghabang-buhay na pag-aaral at upang mapahusay ang mga kasanayan sa trabaho

na maaaring maipasa.

- Itinatag ng ERB ang "Terminal sa Paghahanap ng Kurso sa Net ng Pagsasanay ng ERB" sa mahigit 100 lokasyon, kasama ang ERB Siu Sai Wan Headquarters, Sentro ng Serbisyo ng ERB, Lugar Serbisyo ng ERB, Mga Sentro ng Trabaho ng Kagawaran sa Paggawa, Mga Yunit sa Larangan ng Seguridad Panlipunan ng Kagawaran sa Kapakanang Panlipunan (Social Welfare Department, SWD) at organisasyong hindi pang-gobyerno na inatasan ng SWD. Maaaring makakuha ang mga tao na may magkakaibang lahi ng impormasyon sa mga kurso ng ERB, mga sentro sa pagsasanay, mga serbisyo at aktibidad at maaari rin silang magparehistro sa Serbisyong Pagkonsulta ukol sa Pagsasanay sa pamamagitan ng mga terminal.

- Para mapangasiwaan ang kanilang pag-aaral at pagpaplano ng karera sa hinaharap, nag-oorganisa ang ERB ng "Mga Usapan sa Karera para sa mga Paaralan", "Mga Workshop sa Paghahanap ng Trabaho at mga Kasanayan sa Pag-iinterbyu" at "Mga Pagbisita sa Kompanya" para sa mga estudyanteng nasa mas mataas na sekondarya mula sa iba't ibang lahi. Iniimbitahan ang mga kinatawan ng employer na ibahagi sa mga estudyante ang mga pagkakataon sa karera, kapaligiran ng pagtatrabaho at mga kailangan sa pagpasok, atbp. Ipinakikilala rin ng mga kinatawan ng ERB sa mga estudyante ang mga kurso at serbisyo ng ERB na naaangkop para sa mga kabataan mula sa iba't ibang lahi.

<u>Pagsasanay ng Kawani</u>

- Para maitaguyod ang pag-unawa sa kultura ng mga tao mula sa iba't ibang lahi at mapasulong ang pagiging sensitibo ng kawani sa pagbibigay ng serbisyo sa kanila, nag-oorganisa ang ERB ng mga workshop sa pakikipagtulungan sa iba't ibang organisasyon, gaya ng "Komisyon ng Pantay-pantay na Oportunidad" at "Unison", may kinalaman sa pagkakaiba-iba ng kultura para sa kawani ng ERB at mga Lupon ng Pagsasanay.

Pagsusuri ng Gawain sa

- Sa pana-panahon, sinusuri ng ERB ang mga kurso ng pagsasanay at mga serbisyo para sa mga tao mula sa iba't

Hinaharap	ibang lahi, at sinisikap na bumuo ng mga dedikadong kurso at mga serbisyo sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan sa pagsasanay. Sa prosesong ito, hihingin ng ERB ang mga pananaw ng iba't ibang stakeholder, kabilang ang Grupong Nakatuon sa Pagsasanay para sa mga Etnikong Minorya, mga sasanayin, mga lupon ng pagsasanay at mga tagapayo sa teknikal. Ang mga estadistika sa paggamit ng mga serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon ng mga tao mula sa iba't ibang lahi ay kinokolekta rin para mas maunawaan ang kanilang pangangailangan sa mga serbisyo sa wika.
Mga Karagdagang Hakbang na Isinagawa / Isasagawa	• Para mapangasiwaan ang mga tao mula sa iba't ibang lahi na nakakapagsalita at nakakaintindi ng Cantonese na dumalo sa iba pang kurso ng pagsasanay para sa pangkalahatang publiko, ang ERB ay patuloy na maghahanda ng mga materyales sa pagsasanay sa English para sa mas maraming piling kurso. Sinisiyasat rin nito ang pagbuo ng mga bagong kurso ng pagsasanay na partikular sa industriya at nauugnay sa Negosyo at Pangangalagang Pangkalusugan.
Mga Katanungan	• Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapayo sa Pagsasanay ng ERB (Numero ng Telepono: 6760 3801 / 6760 3608, Email: erbhk@erb.org, Fax: 2369 8322).

Ang Lupon ng Muling Pagsasanay ng mga Empleyado

Hunyo, 2021